



PAKSANG KAISIPAN

Wala nang oras! Humaharap tayo ngayon sa krisis na sa pananaw ng maraming tao ay hindi maisasalarawan ng isip. Subali't ang mga tanda sa Salita ng Diyos ay nagpapakita na ang mga nakahihindik na pangyayari sa ating kapaligiran ay nagbabadya na ang katapusan ng panahon ay malapit na. Sa kwarter na ito ay ating pag-aaralan ang mga magaganap na pangyayaring ito at ang kanilang mga kahulugan sa liwanag ng hula. Sa puso ng bawa't tunay na mananampalataya ay ang kaseguruhan na si Jesucristo ay babalik sa lupa at magaganap ang mga hindi malirip na kaguluhan sa ibabaw ng mundo, at itatatag Niya ang Kaniyang kapangyarihan dito sa lupa.

Sa araling ito napaloloob ang mga sinabi ng isang grupo ng mga propetang Hebreo, na ang kanilang mga hula at salaysay ay tinatatakan ng banal na katunayan. Karamihan ng kanilang mga inihula ay hindi pa nangyayari. Subali't nakatitiyak tayo na ang mga ito ay darating dahil ang lahat ng kanilang inihula ay naganap sa kapanahunang dapat magaganap. Ang mga pangyayaring isinalarawan ni Juan sa Apocalipsis ay may kaugnayan sa naunang mga hula.

Ang unang aralin ay nakatuon kay Cristo. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng bisa ng mga hula patungkol sa Kaniya, nagbibigay tayo ng batayan para sa mga natitira pa nating aralin sa kwarter na ito at itinatatag natin ang ating pananampalataya na sa lalong madaling panahon ay magaganap ang mga hulang ito ng katapusan ng panahon.

Ang pangalawang aralin ay tumutuloy sa paggalugad ng mga hulang natupad patungkol sa bayang Israel. Ang pangatlong aralin naman, Mga Tanda ng Mga Panahon, ay nagtatatag ng kung saan tayo nakatayo sa guhit-panahon ng kasaysayan. Ang mga sumusunod na aralin ay tumutukoy sa mga hula na hindi pa nagaganap.

Ang layunin ng kwarter na ito ay upang matulungan tayo na maunawaan ang mga pangyayaring ating hinaharap dito sa

mundo at nang ating makilala ang kahalagahan ng pagiging handa para sa pinakamasaya at pinakamaluwalhating pangyayari sa lahat – ang Pagtatangay ng mga Banal.

JESUCRISTO: ANG BATONG PANULOK

BATAYANG TALATA:

Hula	Katuparan
Isaias 28:16-18	I Pedro 2:6,7
Mga Awit 118:22	Mga Gawa 4:8-12
Isaias 7:14	Mateo 1:18
Isaias 53:3	Juan 1:11
Isaias 53:12	Mateo 27:38
Isaias 9:7	Mateo 1:1
Zacarias 12:10	Juan 19:34
Mga Awit 34:20	Juan 19:33
Mga Awit 16:10	Mateo 28:9

MGA KARAGDAGANG TALATA : Mateo 21:42; Efeso 2:19-22

PAMBUKAS NA TALATA: Sapagka't ito ang nilalaman ng kasulatan, Narito, aking inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo, hirang mahalaga: At ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya. - I Pedro 2:6

Ano ang susunod na mangyayari? Sa panahong ito, di tulad ng panahong nagdaan, ang mga tao ay nagsusumikap na mahanap ang mga mangyayari sa hinaharap. Kung may isang tao na magsasabi na nauunawaan niya ang mga hula, nakikinig sa kaniya ang mga tao. Marami ang sumasangguni sa mga manghuhula, sa mga nagsasabi ng kapalaran sa pamamagitan ng mga bituin, at sa mga kulto para mahanap ang kasagutan sa kanilang mga tanong. Sa ating aralin sa kwarter na ito, ating pag-aaralan ang mga isinulat ng mga

sinaunang propeta na kinasihan ng Diyos patungkol sa mga mangyayari sa ating kasalukuyang panahon. Dahil kanilang inihula ng walang pagkakamali ang kapanganakan, kamatayan, at pagkabuhay na maguli ni Kristo, naniniwala tayo na ang kanilang mga hula patungkol sa kasalukuyang panahon at sa mga darating na mga pangyayari ay tiyak ding magaganap.

1. Ang kahulugan ng salitang propeta ayon sa talasalitaan ay, “isang tao na nagsasaad kung ano ang mangyayari sa hinaharap, kinasihan ng Diyos na ituro sa mga tao ang Kaniyang kalooban, at siyang nagtatanyag kung ano ang mga kaganapan sa hinaharap.” Paanong ang mga tagakita, mga espesyalista sa kulto, atbp., sa ating kapanahunan ay masasabi nating tama kung magkaminsan?
2. Anu-ano ang mga kwalipikasyon ng isang tunay na propeta? Paano nating malalaman kung ang mga sinasabi ng isang propeta sa ating kapanahunan ay tama o mali?
3. Sa Mateo 21:42, tinukoy ni Jesus ang talatang nasa Mga Awit 118:22. Ano sa palagay ninyo bakit Niya tinukoy ang talatang ito?
4. Basahin ang talatang nasa Mga Gawa 4:11 at Efeso 2:20, at ang ating pambukas na talata. Ano ang isang bagay tinutukoy sa mga Talatang ito?
5. Ang unang talata sa Bibliya na nagsasaad sa hula kay Jesus ay matatagpuan sa Genesis 3:15. Sa iyong palagay paanong ang kaligtasan ng isang makasalanan ang siyang dudurog sa ulo ni Satanas?
6. Aling Kasulatan sa ating batayang talata ang nagsasaad tungkol sa panganganak ng isang dalaga? Paano ito pinatotohanan sa Kasulatan sa Bagong Tipan?

7. Sinasabi sa talata na nasa Isaias 9:7 ang tungkol kay Jesus sa luklukan ni David. Sa Mateo 1:1 pinatotohanan na Siya ay naggaling sa lahi ni David. Gaano katagal na si Jesus ay uupo sa luklukan ni David? Hanapin sa Lukas 1:31-33.
8. Sa Mga Awit 34:20 mayroong tila ba nahihalay na hula patungkol sa pagkapako ni Jesus sa Krus. Paano ito pinatotohanan ng talatang nasa Juan 19:32, 33?
9. Basahin ang talata sa Isaias 53:3, tapos ay ibigay ang kahulugan ng salitang hinamak at itinakuwil. Gamit ang talatang Juan 1:11, kasama ang mga kahulugang isinaisip, isulat mo ang iyong sariling pagsasalarawan kung paano tinanggap ng mga Judio si Kristo.
10. Sa araling ito ay nakita natin kung paanong ang mga hula patungkol kay Cristo ay nangaganap ayon sa kabuuan nito. Ano ang ipinahahayag nito sa iyo patungkol sa mga hula sa hinaharap?

ANG MAKASAYSAYANG ISRAEL

BATAYANG TALATA: Genesis 22:15-18 – Pangako kay Abraham Deuteronomio 28:64-66, Ezekiel 37:21-22 – Pangangalat at pagtitipong muli ng mga tao

Leviticus 26:27,31-33; Ezekiel 36:8-11,29-35 – Pagiging ilang ng lupain at pagsasauli nito sa dati

Leviticus 26:42-46 – Pambansang pagkakakilanlan

MGA KARAGDAGANG TALATA: Genesis 13:16; Nehemias 1:8; Jeremias 16:10-13; Hebreo 6:13,14

PAMBUKAS NA TALATA: Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Kung paanong aking dinala ang lahat na malaking kasamaang ito sa bayang ito, gayon dadalhin ko sa kanila ang lahat na mabuti na aking ipinangako sa kanila. – Jeremias 32:42

Nabuo ang bansang Israel sa pamamagitan ng pangako ng Panginoon kay Abraham. Ang pangalan ng bansang ito ay nagmula sa pangalan ng apo ni Abraham na si Jacob na sa 'di kalaunan ay naging Israel. Sa pagdaan ng maraming panahon, ang 12 angkan mula kay Jacob ay nagsipangalat sa iba't-ibang mga bansa bilang katuparan sa mga unang mga hula. At ang kanilang lupain ay naging ilang. Subali't sila ay tinipong muli ng Panginoon sa kanilang lupain at sila ay naging bansa noong 1948, at pinangalanang Israel.

1. Ayon sa ating batayang talata, anu-ano ang mga pangako ng Dios kay Abraham?
2. Sa paanong paraan pinagpala ng Dios ang lahat ng mga bansa dito sa lupa sa pamamagitan ni Abraham? Basahin sa Mateo 1:1,21.
3. Ang sampung angkan ng Israel ay nasakop at naging bihag ng hari ng Asiria at nagsipangalat sa iba't-ibang mga lupain gaya ng sinasabi sa hula sa Deuteronomio 28. Bakit at paano ito nangyari? Basahin sa Deuteronomio 28:58 at II Hari 17:6-8.
4. Sinasabi sa Jeremias 25:1,11 na ang kaharian ng Juda (kabilang ang angkan ng Benjamin) ay masasakop ng pitumpung taon. Ang panagalan ng hari na magbibigay ng kautusan ng kanilang pagbabalik sa Jerusalem ay inihula sa Isaias 44:28 dalawang daang taon bago ito nangyari. Basahin sa II Cronica 36:22,23 at saysayin kung paanong ang mga hula sa mga talatang ito ay naisakatuparan.

5. Noong A.D. 70, ang Jerusalem ay nasakop ng Romano sa pangunguna ni Heneral Titus at dito naganap ang pagsira ng Templo na sinabi ni Jesus. Nagpatuloy pa ring manirahan ang mga Judio sa kanilang lupain hanggang A.D. 135. Si Hadrian na emperador ng Roma naman ay nagpasya na muling itayo ang lungsod ng Jerusalem at gawin itong kolonya ng Romano. Nagtayo siya ng templo para kay Jupiter sa dating kinatatayuan ng templo ng mga Judio. Dahil dito nag-aklas ang mga Judio nguni't natalo sila at nagsipangalat sa iba't-ibang panig ng mundo, walang matawag na sariling bansa hanggang noong 1948. Anong hula ang naisakatuparan ng pangyayaring ito?
6. Sa loob ng mahigit 1800 taon ang mga Judio ay walang sariling bayan. Bakit, sa kabila ng lahat na pag-uusig sa kanila, hindi sila lubusang nasira?
7. Sinabi ng Dios sa mga Anak ng Israel na magiging ilang ang kanilang lupain kung sila'y masuwayin. Bukod sa pangangalat ng mga Israelita, paano ginawa ng Dios ang bagay na ito? Basahin sa Deuteronomio 28:23,24.
8. Anu-ano ang mga pangyayari sa kasalukuyang kasaysayan na nagsasabi na magaganap ang hula ni Ezekiel? Magdala sa klase ng mga maaaring magpatunay sa mga ito katulad ng mga pahayagan, mga magasin, atbp.

MGA TANDA NG MGA PANAHO

BATAYANG TALATA: Mateo 16:1-3; 24:3-28, 32-34 II
Timoteo 3:1-5

MGA KARAGDAGANG TALATA: Lucas 12:40; 17:22-30

PAMBUKAS NA TALATA: Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago. - Daniel 12:4

Pinagsikapan ni Jesus na ang Kaniyang mga kasakasama ay "makakilala ng mga tanda ng mga panahon." Ipinaliwanag Niya sa kanila na sa pamamagitan ng pagmasid sa mga pagbabago sa kalangitan ay mahuhulaan na nila kung ano ang panahon sa kinabukasan. Pinangakuan tayo ng pagbabalik ng Panginoon, subali't hindi natin alam ang eksaktong petsa kung kailan ito mangyayari. Sa pamamagitan ng mga nagaganap (mga tanda) sa ating kapanahunan ay malalaman natin na nalalapit na ang araw na iyon.

1. Sa Mateo 16:1-3, sinusubok ng mga tao ang Panginoon tungkol sa mga tanda sa kalangitan. Nguni't mas binigyang diin ng Panginoon ang mga tanda ng mga panahon. Anu-ano ang mga tandang ito na binanggit sa ating batayang talata ang dapat nating bantayan?
2. Sa Mateo 24:3, tinanong si Jesus ng Kaniyang mga alagad ng tatlong katanungan. "Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan?" Sinagot sila ni Jesus ng ganito, "Mangagingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman." Basahin ang mga sumusunod na talata at isulat kung ano ang mga paraan na maaaring makalinlang sa atin:
Mateo 24:5
Lukas 21:34
Roma 16:18
Efeso 4:14

II Tesalonica 2:10,11
Tito 1:10
II Juan 7

3. Sa Mateo 24:6,7, binabanggit na ang mga digmaan, taggutom at mga lindol ay mga tanda ng nalalapit na pagbabalik ni Jesus. Nangyari na ba ang mga ito noon? Ano ang ipinagkaiba noon sa ngayon?
4. Isinasaad sa Mateo 24:11 ang katotohanan na sa mga huling araw ay magsisibangon ang mga bulaang propeta at kanilang maililigaw ang marami. Paano nangyayari ang ganito ngayong panahong ito?
5. Isinasaad sa Mateo 24:12 na mayroong panganib kahit sa mga taong umiibig sa Diyos. Ano ang panganib na ito? Paano natin mapalalakas ang ating depensa laban kay Satanas na nagdudulot ng panganib na ito?
6. Basahin ang Mateo 24:14, pagkatapos ay isulat mo ang mga kadahilan bakit nararamdaman mong ito ay positibong indikasyon ng pagbabalik ni Cristo.
7. Si Jesus ay madalas mangusap sa pamamagitan ng mga talinghaga. Sa Mateo 24:32,33 binanggit Niya ang pamumukadkad ng puno ng igos at nagtapos sa pamamagitan ng pahayag, “siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga”. Ano ang kahulugan ng pahayag na ito ni Cristo. Basahing muli ang Mateo 24:3.
8. Sa II Timoteo 3:1-5, mababasa natin na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Ano ang

ipinagkaiba ng mga talatang ito sa mga nabanggit sa aklat ni Mateo?

MAGING HANDA

BATAYANG TALATA: Mateo 24:36-44; Hebrews 9:28

MGA KARAGDAGANG TALATA : Mateo 25:1-13, Marcos 13:35, Lucas 12:40, Apocalipsis 3:3

PAMBUKAS NA TALATA: Narito, ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at nagiingat ng kaniyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kaniyang kahihyan. – Apocalipsi 16:15

Hindi sapat ang kaalaman lamang na tayo ay nasa mga huling araw na upang tayo ay maging handa sa pagbabalik ni Jesus. Inuutusan tayo na magbantay sa Kaniyang pagbabalik, “Mangagpuyat nga kayo, sapagka't hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang oras” (Mateo 25:13). Ang totoong pagbabantay ay isang kalalagayan ng puso at isip, na may katuwaan at pagmamadaling talikuran ang anumang pinagkakaabalahan o gawain upang salubungin ang Panginoon. Sa araling ito ating isaalang-alang kung paano tayo maging handa lagi. Ang ating pamumuhay sa araw-araw ang siyang mahalagang katunayan na nalalaman natin at nakahanda tayo sa pinakasasabikang pangyayaring ito.

1. Sa pagbabalik ni Jesus, ang Kanyang Kasintahang Babae ay tatangayin upang Siya ay salubungin sa hangin. Tingnan ang mga sumusunod na talata at siyasatin kung ano ang mga katangian na dapat taglayin ng Kasintahang Babae.

Mga Awit 15:1-3

Mga Awit 24:3,4
Mateo 5:8
Efeso 5:27
Tito 2:11-13
Apocalipsis 19:7,8

2. Nakatala ang maraming kaasalanan sa Mga Taga Galacia 5:19-21, kabilang dito ang pakikiapid, karumihan, pangkukulam, at mga paglalasing. Ang mga kasalananang ito ay karaniwang tanggap ng marami sa ating kapanahunan, maging sa ilan mang mga samahan ng nagsisisampalataya. Ano nga ba ang sinasabi ng Biblia tungkol sa mga taong gumagawa ng mga ito? Paano natin maihalalintulad ang mga kasalanan na ito sa kapanahunan ni Noe?
3. Gamitin ang talatang matatagpuan sa Hebreo 9:28 at 1 Juan 3:2 upang mapunan ang nasa mga patlang: Ang layunin ng unang pagparito ng Panginoon sa anyong tao ay upang dalhin/pasanin ang _____ sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Sa kanila na nagsisihanap sa Kaniya, Siya ay magpapakitang muli ng walang _____ sa _____. Nalalaman natin na kung Siya ay mahayag, _____; na ang ating mga katawan ay mapapalitang katulad ng katawang walang kasiraan. Ang mga pangakong ito ay maisasakatuparan doon sa mga makapagsasabing, “Ngayon tayo nga ay_____”.
4. Basahin ang talinghaga patungkol sa sampung dalaga na matatagpuan sa Mateo 25:1-13. Bakit naiwan ang ilan sa mga dalaga? Ano ang mga katangian ng mga matatalinong

dalaga? Gamitin ang matatagpuan sa 1 Juan 1:6,7 upang maging batayan sa pagsagot.

5. Bago magpasimula ang pangangaral ni Jesus, si Juan Bautista ay nangaral, “ Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon”. Ang mensahe ng Ebanghelyo sa ating kapanahunan ay nagpapahayag ng pagbabalik ni Jesus. Paghambingin ang katugunan ng mga tao noon at sa ating kapanahunan sa ngayon.
6. Paghambingin ang mga talata sa Mateo 24:42-44 at 1 Tesalonica 5:6. Ano ang gustong bigyang diin ng mga talatang ito?
7. Sa kabila ng pangangaral ni Noe sa loob ng 120 taon, ang mga tao ay nabuhay gaya pa rin ng dati, ang kanilang atensyon ay ibinaling sa ibang mga bagay at hindi sa pagdating ng malaking baha. Magtala ng mga bagay na sa tingin mo ay maaring umagaw ng atensiyon ng mga tao sa ngayon, siyang pumipigil sa kanila upang makapaghanda sa muling pagbabalik ni Jesus.
8. Ano ang magiging kahihinatnan ng hindi natin paghahanda? Basahin sa Apocalipsis 21:8.

ANG PAGTATANGAY

BATAYANG TALATA: I Tesalonica 4:13-18; 5:1-10

MGA KARAGDAGANG TALATA : Juan 14:1-3; Apocalipsis 22:20

PAMBUKAS NA TALATA: Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubugin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailanman – I Tesalonica 4:16,17

Sinasabi sa Kasulatan, ang Pangalawang Pagparito ni Cristo ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na mga pangyayari: ang Pagtatangay ng mga banal, mararanasan lamang ng mga mananagumpay; at ang Pagpapakita ni Cristo, kung Siya'y pariritosa lupa kasama ang mga banal mula sa langit upang itatag ang Kaniyang kaharian. Sa magkasabay na panahong yaon, ang mga natangay na banal ay magkikitakita sa Piging ng Kasalan ng Cordero, habang ang Dakilang Kapighatian naman ay nagaganap dito sa lupa. Sa araling ito ating pag-aaralan ang Pagtatangay ng Iglesia.

1. Sa diksyonaryo, ang salitang pagtatangay ay may iba't-ibang kahulugan. Alin sa mga kahulugan nito ang pinaka-angkop sa kaganapang isinaad sa ating pambukas na talata.
2. Sa oras ng pagtatangay, sino ang unang babangon? At ano ang susunod na mangyayari?
3. Ano ang pagkakaiba ng mga salitang *resurrect* at *translate*? Ibigay ang akmang kahulugan ng ating pambukas na talata gamit ang dalawang salitang ito.
4. Mababasa natin sa Revelation 1:7 na makikita Siya ng bawa't mata. Ito ay tumutukoy sa Pagpapakita ni Cristo,

hindi sa pagtatangay. Bakit natitiyak natin na ang mga banal lamang ang makakakita kay Cristo sa oras ng Pagtatangay?

5. Ano ang babalang binibigyang diin sa ating batayang 1 Tesalonica 5, gayon din ang nasa Mateo 24 :27 at 1 Corinto 15:52?
6. Itinuturo ng Biblia na magkakaroon ng paghihiwalay pagdating ni Jesus para doon sa mga nakahanda. Pagkatapos basahin ang nasa Lucas 17:34-36 at ang nasa Mateo 25:10-12, ilarawan ang dalawang grupo na binanggit sa mga ito.
7. Ano ang pagbabagong magaganap sa ating lupang katawan sa Pagtatangay (Filipos 3:20-21)? Gamitin ang mga sumusunod na talata upang maisalarawan ang mga katangian ng katawan ni Cristo na walang kasiraani:
Mateo 28:9
Lucas 24:31
Lucas 24:41-43
Juan 20:9
Mga Gawa 1:9
8. Sa pagbabasa ng mga sumusunod na talata mula sa banal na kasulatan, ano ngayon ang ating masasabi tungkol sa oras ng Pagtatangay at sa Kapighatian at paglitaw ng Anticristo? Tingnan sa Isaiah 26:20-21; Mateo 24:37, Lucas 21:36; II Tesalonica 2:3-8.
9. Anu-ano ang mga pangakong napapaloob sa mga Kasulatan para doon sa mga naghihintay sa Kaniyang pagbabalik.
Mateo 24:45-47
Juan 14:3
Hebreo 9:28

ANG PIGING NG KASALAN

BATAYANG TALATA: Apocalipsis 19:7-9, Mateo 22:1-14,
Lucas 12:35-38

MGA KARAGDAGANG TALATA: Juan 14:3, I Corinto 3:14,
Colosas 3:4

PAMBUKAS NA TALATA: Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siyay ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. - Apocalipsis 19:7.

Tayo ay namumuhay sa panahon ng pagbuhos ng Banal na Espiritu. Ipinadala ng Dios ang Kaniyang Espiritu sa sanglibutan upang humanap ng Kasintahang Babae para sa Kaniyang Anak. Kapag nahahanda na ang Kasintahang Babae, at dumating na itinakdang oras ng Dios, ang Kasintahang Lalaki, si Jesucristo, ay magpapakita at aagawin ang Kasintahang Babae sa mga alapaap. Kung magkagayo'y magaganap doon ang Piging ng Kasalan ng Cordero samantalang ang Dakilang Kapighatian naman ay nangyayari dito sa ibabaw ng sanglibutan. Kaya hindi nakapagtataka na sinasabi ng ating batayang talata ang ganito, "Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero."

1. Ang mga talata sa Mateo 9:14,15 at Juan 3:28,29 ay tumutulong upang ating maunawaan na si Jesucristo, ang Cordero ng Dios, ay siyang Kasintahang Lalaki sa Piging ng Kasalan. Ano ang pagkakaparehas ng kasintahang lalaki dito sa lupa at ni Jesucristo, ang Kasintahang Lalaki ng mga nagsipaghanda ng kanilang mga sarili.
2. Ang kasintahang babae ng ating Panginoon ay ang mga banal na nagsipagtagumpay na "nangaglinis ng kanilang

mga damit, at pinaputi ng dugo ng Cordero." Ano ang kahalagahan ng puting damit ng kasintahang babae ng Cordero na isinasaad na mga sumusunod na Kasulatan?

II Corinto 11:2

Efeso 5:27

II Pedro 3:14

Apocalipsis 3:4,5

Apocalipsis 19:8

3. Sa ating batayang talata sa Mateo, mababasa natin ang isang talinghaga tungkol sa isang hari na naghanda ng kasalan para sa kaniyang anak. Ilarawan kung ano ang nangyari sa dumating na panauhin na hindi nakademit pangkasal, at gumawa ng aplikasyon nito sa espirituwal na pamumuhay.
4. Isinasaad sa Lucas 12:25-37 na sa Hapunan, pagsisilbihan ng Panginoon ang kanyang mga lingkod na nangagniningas ang ilawan. Isalarawan ang mararamdaman kung tayo ay pinagsisilbihan ni Jesus, at ihambing ito sa naramdaman ni Pedro noong hinugasan ni Jesus ang kaniyang mga paa. Tingnan sa Juan 13:6-9.
5. Pagkatapos ng pagparito ng Panginoon sa Pagtatangay, bibigyan Niya ng gantimpala ang mga tapat na lingkod. Anu-ano ang mga gantimpalang ipinangako sa mga mananagumpay? Tingnan sa Apocalipsis 2:7,11,26-28; 3:5,12,21
6. Dalawa sa mga talinghaga ni Jesus sa Mateo ang itinulad ang Kaharian sa Langit sa isang kasalan - Mateo 22:1-4 at 25:1-13. Ang kinakailangan ng bawat isa upang makaparoon sa kasalan ay tunay na tiyak. Subali't kung

hindi natin magawa ang mga bagay na kinakailangang ay maiiwanan tayo sa pagtatangay. Sabihin kung ano ang mga ito na nakasaad sa mga sumusunod na Kasulatan:

Mateo 22:3

Mateo 22:5 at Lucas 14:18-20

Mateo 22:11-13

Mateo 22:14

Mateo 25:6,13

Mateo 25:7, 8

7. Si Apostol Juan ay inudyukang isulat ang, “Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero.” Sa Apocalipsis 17:14, ang mga kasama ng Cordero ay ang mga “tinawag, at pinili, at tapat.” Para sa iyo, sino ang tinawag, ang pinili, at ang tapat.

ANG ANTICRISTO

BATAYANG TALATA: Apocalipsis 13:1-18; 14:9-11

MGA KARAGDAGANG TALATA : II Tesalonica 2:1-12

PAMBUKAS NA TALATA: At ang bawa’t espiritu ng hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating at ngayo’y nasa sanlibutan na. – I Juan 4:3

Ang pangalang Anticristo na ipinakikilala ay talagang salungat kay Jesucristo. Ang espiritu ng anticristo ay narito na sa sanglibutan, gumagawa sa mga anak ng pagsuway. Kung si Jesucristo ay siyang wangis ng Dios, kaya ang anticristo ay siya namang nagpapakilala kay Satanas. Tinatawag din siyang Hayop, na ang kaniyang pagparito ay sa pamamagitan

ni Satanas na nagbibigay sa kaniya ng kapangyarihang gumawa ng mga tanda at mga kababalaghang panay kasinungalingan. Ang kaniyang paghahari sa Dakilang Kapighatian ay sasamahan ng mga nakahihikayat na mga pananalita, kasaganaan, at ng tawag ng kapayapaan, subali’t kaniyang pipilitin ang lahat, maliliit at malalaking tao, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero, na magpatatak na siyang maghahatid sa kanila sa kaparusahan.

1. Ano pa ang ibang pangalan na puwedeng itawag sa Anticristo? Gamitin ang talatang II Juan 7, ipaliwanag ang layunin ng Anticristo.
2. Dahil ang espiritu ng anticristo ay narito na sa sanglibutan sa ngayon, paano natin maiiwasan na tayo ay malinlang nito? Ang kasagutan ay matatagpuan sa II Tesalonica 2:10-12.
3. Gamit ang talata sa Mateo 24:24, sabihin kung paano gumagawa o kumikilos ang espiritu ng antikristo, at ano ang mga pamamaraang gagamitin niya?
4. Sa panahon ng kapighatian ang buong mundo nga ay masaasakop na at pamumunuan ni Antikristo, ang lahat ng mga tagasunod niya ay may tatak silang pagkakakilanlan. Ano kaya ang kahihinatnan ng mga taong taglay ang tatak na ito?
5. Ang sinuman na hindi magpapalagay ng tatak ay hindi maaaring bumili o magbenta. Ang Antikristo ang siyang may kabuuang kontrol ng ekonomiya sa mundo: kalakal, politika at relihiyon. Ibigay ang espesipikong mga aspeto

ng iyong buhay na maaaring maapektuhan ng ng kontrol na ito?

6. Ano ang tungkulin ng bulaang propeta sa panahon ng Kapighatian? Basahin sa Apocalipsis 19:20.
7. Sa (Apocalipsis 20:10) Ano ang magiging wakas ng Hayop (Antikristo), ang bulaang propeta, at ang diablo?
8. Ano ang puwedeng gawin para maiwasan ang mga bagay na ito at upang tayo ay maging handa na tumayong walang kasalanan sa harapan ng Anak ng Tao? Tingnan sa Lucas 21:36.

ANG MGA SALOT

BATAYANG TALATA: Apocalipsis 15:1; 16:1-21

MGA KARAGDAGANG TALATA: Lucas 23:28-30;
Apocalipsis 6:15-17; 8:1-13

PAMBUKAS NA TALATA: At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mg ahirang ay paiikliin ang mga araw na yaon. - Mateo 24:22

Sa panahon ng Malaking Kapighatian, magkakaroon ng kapighatian, pagdurusa, kaguluhan, at kadalamhatian na hindi pa nararanasan ng sanlibutan. Ito ang panahon na ang galit ng Panginoon sa sanlibutan dahil sa hindi pagtugon sa pag-ibig ng Diyos at sa kaniyang kahabagan. Walang salitang maaaring makapagpaliwanag sa kakila-kilabot na mangyayari

sa sanlibutan sa panahon na ito. Sisikapin nating isalarawan ang mga tinutukoy ng mga Salita ng Dios, bagama't nakatitiyak tayo na hindi pa rin sapat ang ating kaisipan para maisalarawan ang maliit na bahagi ng katatakutan na mararanasan ng mga maninirahan dito sa lupa sa nakakatakot na panahong ito.

1. Pagkatapos na tangayin ang mga banal, ang salitang “kapighatian” ay hindi na muling mababanggit sa Banal na Kasulatan. Sa halip, ang terminolohiyang “ang poot ng Diyos” ay mababanggit ng labing tatlong beses mula Revelation 6:16 hanggang sa 19:15, at gayon naman ang “hindi sila nagsisisi,” ay nabanggit ng tatlong beses. Gamitin ang nasa Romans 1:8 bilang batayan, at sabihin kung bakit ang ganitong kaguluhan ay darating sa lupa.
2. Ano ang takdang oras ng mga salot na nakalista sa ating batayang talata, maihahambing sa ibang pangyayari sa Aklat ng Apocalipsis?
3. Ang mga salot na nabanggit sa Apocalipsis 16 ay literal at hindi nangangahulugang na ang mga ito ay mga simbolo o sa espiritu lamang. Ilista ang mga pitong salot na nabanggit.
4. Ihambing ang reaksyon ni Faraon sa mga salot sa Egipto (Exodus 7:13), sa reaksyon ng mga tao sa lupasa panahon ng pitong mga salot.
5. Talakayin kung ano ang mangyayari kapag ibinuhos ang ika-anim na mangkok.
6. Ibigay ang ibig sabihin ng mga salita ni Jesus na, “Naganap na” (Juan 19:30), at ang mga salita ng Dakilang Tinig na nagmumula sa templo ng kalangitan, “Nagawa na”.

ANG PAGPAPAKITA NI KRISTO AT ANG ARMAGEDDON

BATAYANG TALATA: Mateo 24:29-31; Apocalipsis 19:11-21

MGA KARAGDAGANG TALATA : Zacarias 14:3-5; II
Tesalonica 1:7-10; Judas 14,15; Apocalipsis 14:20

PAMBUKAS NA TALATA: Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa. – Apocalipsis 1:7

May malaking pangyayaring magaganap. Si Jesucristo ay darating para sa Kaniyang Iglesia. Sa sandaling Siya'y dumating at makuha sila upang makasama Niya sa Piging ng Kasalan ng Cordero, ang buong kagalitan ng Dakilang Kapighatian ay mangyayari dito sa sanglibutan kasama si Anti-Cristo bilang hari. Ang pinakahihintay na parte ng Kapighatian ay magaganap kapag si Kristo ay bumalik kasama ang mga banal doon sa Digmaan ng Armageddon.

1. Ang pag-akyat ni Cristo sa Kalangitan ay nasusulat sa Mga Gawa 1:9-11. Sa Zacarias 14:4,5 at Apocalipsis 1:7 mababasa natin ang pagdating ni Jesucristo bilang Hari. Pansinin ang mga pagkakatulad sa pagitan ng pag-akyat ni Cristo at sa Kaniyang pagbabalik upang pamunuan ang sanglibutan.
2. Matapos basahin ang batayang talata sa Mateo 24:29-31 at Apocalipsis 6:15-17, ilarawan ang magiging reaksiyon ng mga makasalanan sa Pagpapakita ni Cristo.

3. Gamit ang Apocalipsis 1:13-16 at 19:11-16, ilarawan ang paraan at ang anyo ni JesuCristo habang pinangungunahan Niya ang Kaniyang mga hukbo sa langit upang salubugin ang mga hukbo ni Satanas dito sa lupa doon sa Digmaan ng Armageddon.

Kumpletuhin ang mga sumusunod na parirala:

Siya ay nakasakay
Ang Kaniyang mga mata ay tulad ng
Sa Kaniyang ulo ay
Ang Kaniyang damit ay
Ang Kaniyang pangalan ay tinawag na
Sa Kaniyang bibig ay nagmumula ang
Nakasulat sa kanyang damit ay
Ang Kaniyang mga paa ay
Ang Kaniyang mukha ay tulad ng

4. Ano ang tinutukoy na kaganapan sa Apocalipsis 19:19?
5. Saan magaganap ang dakilang digmaan? Tingnan sa Apocalipsis 16:1,16.
6. Ano ang mga katangian ng hukbo na sumusunod kay Cristo mula sa Kalangitan? Tingnan sa Apocalipsis 19:8,14.
7. Doon sa digmaan, ano ang nangyari sa Hayop at sa bulaang propeta?
8. Ano ang nangyari sa hukbo ng Anti-Cristo?
9. Sino ang kasama ni Cristo nang Siya ay dumating mula sa Kalangitan?

10. Paano tayong mapapabilang sa hukbo ni Cristo kapag Siya ay bumalik sa sanglibutan upang wasakin ang Anti-Cristo at maghari sa loob ng isang libong taon? Tingnan sa Apocalipsis 3:5.

ISANG LIBONG TAONG PAGHAHARI NI CRISTO (MILENYO)

BATAYANG TALATA: Apocalipsis 20:1-10; Isaias 35:1-10

MGA KARAGDAGANG KASULATAN: Isaias 2:2-4; 11:1-10

SUSING TALATA: Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa aking buong banal na bundok: sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. - Isaias 11:9

Napagisipan mo na ba kung ano ang buhay kung. . .

- *bawat ina ay nagnanais na mahaling totoo ang kaniyang mga anak?*
- *bawat ama ay magmamahal sa kaniyang asawa kagaya ng pagmamahal niya sa kaniyang sarili at malugod na ginagampanan ang kaniyang tungkulin bilang moral lider at mabuting halimbawa ng pag-uugali sa kaniyang pamilya?*
- *bawat anak ay nagmamahal, gumagalang, at sumusunod sa kaniyang mga magulang?*
- *bawat mangangalakal ay kontento sa patas na kita?*
- *makalalakad ka sa mga lansangan sa malalaking siyudad sa gabi na ligtas?*
- *maaari mong iwanan lang ang susi sa iyong sasakyan o iwan mong nakabukas ang iyong bahay?*

- *bawat hukom ay hindi nasusuhulan at may pambihirang karunungan?*
- *ang kamatayan ay bihirang mangyari sa halip na madalas at pang-araw-araw na kaganapan?*
- *ang lider ng bawat bansa ay direktang si Jesucristo ang pumili?*

Magugulat ka ba kung iyong malalaman mo na ang Bibliya ay nagsasabi na mayroong isang libong taon na mararanasan ng mundo ang ganitong kundisyon?

1. Ano ang tatlong mga pangyayari na magaganap bago ang paghahari ni Cristo dito sa lupa? Basahin ang Apocalipsis 19:14, 20, 21; 20:1-3.
2. Ayon sa Filipos 3:20, 21, ang mga banal na babalik dito sa lupa ay magkakaroon ng katawang di nasisira kagaya ni Kristo pagkaraan na sila'y nagbangon sa mga patay. Anu-ano ang mga katangian ng isang di nasisirang katawan? Basahin sa Juan 20:19-29.
3. Anong lungsod ang magiging kapital ng buong lupa sa Milenyo (Micas 4:2)? Ano ang nag-iisang kailangang gawin ng mga tao na nabubuhay sa lupa sa panahong iyon? Zacarias 14:16-19.
4. Paano pamamahalaan ang mga tao sa panahon ng Milenyo? Tingnan sa Apocalipsis 11:15; I Corinto 6:2.
5. Sa panahong ito, ano ang mangyayari sa mga disyerto at ano ang mangyayari sa mga pananim? Tingnan sa Isaias 35:6, 7; 41:18; 55:12, 13.
6. Paano ang pagbabago ng pamumuhay ng mga hayop? Tingnan sa Isaias 11:6-9; 65:25; Ezekiel 34:25.
7. Gaano kahaba ang buhay ng tao at paano naapektuhan ang kalusugan ng mga tao? Basahin sa Isaias 65:20.

8. Mula sa anumang pahayagan, gumupit ng isang kaganapan na kailanman ay hindi na mangyayati sa Milenyo. Dalhin ito sa klase.
9. Ano ang mga pangyayari na nagsasaad na ang Isang Libong Taong Paghahari ni Kristo ay nalalapit na?

ANG DAKILANG PAGHUHUKOM

BATAYANG TALATA: I Timoteo 5:24,25; Apocalipsis 20:11-15

MGA KARAGDAGANG TALATA : Daniel 12:2; Mga Gawa 10:42; 17:31; II Pedro 2:9

PAMBUKAS NA TALATA: Ang mga kasalanan ng ilang tao ay hayag na, na nagsisipanguna sa paghukom: at ang ilang mga tao naman ay kanilang sinusundan. – I Timoteo 5:24

Sa oras ng Dakilang Paghuhukom, titipunin ng Dios sa Kaniyang harapan ang mga hindi ligtas, “maliliit at malalaki,” ano man ang kanilang tungkulin dito sa. Ang mga namatay na makasalanan ay nangabuhay; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila. Sa gitna ng pagdadalamhati at kahihyan dahil sa kanilang mga kasalanan, nakatayo sila sa harapan ng Luklukan na inilalarawang “dakila” at “maputi”. Ang bawa’t makasalanan ay nakaharap sa Dios, at nakatakda sa kaparusahan dahil hindi niya tinanggap ang kaligtasang mula sa Dios. Ang nakatak dang lugar para sa mga hindi ligtas ay isang “dagat-dagatang apoy,” ang lugar na hiwalay sa Dios para sa mga masasama at mga makasalanan.

1. Kailan magaganap ang dakilang paghuhukom? Ano ang mangyayari sa diablo bago dumating ang panahong yaon? Apocalipsis 20:5-10.
2. Ang mga banal na nagtagumpay ay hahatulan sa Dakilang Paghuhukom? Bakit?
3. Ano ang tatlong salita sa talatang 12 sa ating batayang talata ang nagpapakita sa atin na maging ang isang tao na nag-iisip na wala siyang halaga ay haharap sa Dakilang Paghuhukom?
4. Paano nating malalaman na haharap pa rin sa Dakilang Paghuhukom ang taong makasalananang na-*cremate* ang katawan?
5. Ano ang kahalagahan ng talaan sa Aklat ng Buhay? Sa iyonbakit bubuksan ang aklat na ito sa Dakilang Paghuhukom?
6. Para maitala ang ating pangalan sa Aklat ng Buhay kailangang maranasan natin pagpapatawad ng Dios sa ating mga kasalanan. Sa paanong paraan natin matatanggap ang kapatawaran?
7. Maaari bang maaalis ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay? Tingnan sa Exodo 32:33.
8. Ano ang nakatala sa “mga aklat” na binanggit sa ating batayang talata?
9. Ano ang ikalawang kamatayan? Tingnan sa Apocalipsis 21:8.

ANG KORDERONG KARAPATDAPAT

MGA BATAYANG TALATA: Apocalipsis 5:1-14; Juan 1:29

MGA KARAGDAGANG TALATA: Juan 1:36; Apocalipsis 7:13,14

SUSING TALATA: Marapat ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumaggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyariahan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban nagagsilitaw at nangalikha. – Apocalipsis 4:11

Ang aklat na may pitong tatak na nasasaad sa Apocalipsis 5 ay binubuo ng balumbon o mga balumbon na may kani-kaniyang tatak. Iniisip ng karamihan na ang aklat na ito ay may kinalaman sa halaga at pagkakatubos sa sangkatauhan. Ang plano ng Panginoon para sa kaligtasan ng sanglibutan ay dapat matupad bago maalis ang tatak. Sa simula ng ating batyang talata ay matatagpuan natin ang isang katanungan, “Sinong karapatdapat magbukas ng aklat, at magtanggap mga tatak nito?”

1. Patungkol sa aklat na may pitong tatak sa langit, si Juan ay tumangis nang marinig niya mula sa malakas na anghel na nagsasabing “walang sinoman sa langit, o sa ibabaw ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay makapagbubukas ng aklat, o makatingin man?” At siya ay inaliw ng isa sa matatanda na nagbigay ng kaseguruhan na may ISANG karapatdapat na magbukas, ISANG nagtagumpay. Sino ang karapatdapat? Ano ang kahalagahan ng ginamit na pangalan niyaong matanda na katawagan sa Kaniya?
2. Sa Apocalipsis 5:6 tinutukoy ni Juan ang pagkakita niya ng Kordero na wari ay pinatay. Sino ang “Kordero”, at ano ang ibig sabihin ng Kordero sa ating mga Kristiyano?
3. Bakit ang Kordero lamang ang karapatdapat na magbukas ng aklat at mag- alis ng mga tatak nito?
4. Matapos na tayo ay matubos, mahalaga na tayo ay magpasalamat at magpuri sa Panginoon sa pamamagitan ng pananalangin. Sinasabi sa talatang 8 na ang ating mga panalangin ay hindi nasasayang. Ipaliwanag, gamit ang batayang talata at ang Apocalipsis 8:3,4.
5. Sa Apocalipsis 4 at sa araling ito, ibinigay ang mga katangian ng dalawangpu’t apat na matatanda at apat na nilalang na buhay. Ano ang kanilang posisyon/ pagkakaayos sa Langit. (Apocalipsis 4:4,6), at paano nila narating ang ganoong kataas na katatayuan?
6. Ano ang tema ng bagong awitin na inaawit ng apat na nilalang na buhay at ng dalawangpu’t apat na matatanda?
7. Sa ating key verse, ating nabasa na ang sangkatauhan ay nilikha para sa kasiyahan ng Panginoon. Paanong makakapamuhay ang tao na nakakapagbigay ng kaluguran sa Diyos (Hebreo 12:14)? Maghanap ng kahit dalawang karagdagang talata na mamaring maging basehan kung paano natin mabibigyang kaluguran ang Diyos.
8. Sa mga talatang 11-14, binabanggit ditoang patungkol sa pangkalahatang pagpupuri sa Kordero sa Langit. Ano ang

mga kaparaanan ng ating pagsamba sa Panginoon samantalang tayo ay naririto pa sa lupa?

ANG BAGONG LANGIT AT ANG BAGONG LUPA

BATAYANG TALATA: Apocalipsis 21:1-27; 22:1-5

MGA KARAGDAGANG TALATA: II Pedro 3:13,14

PAMBUKAS NA TALATA: Sapagka't narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit, at ng bagong lupa, at ang mga dating bagay ay hindi maaalaala, o mapapasa isip man. – Isaias 65:17

Isipin mong ikaw ay naglalakad sa isa sa labindalawang malalaking pintuang-bayan – yari sa perlas ang bawa't isa – at napapaikutan ka ng napakalaking kuta na yari sa jaspe na parang malinaw na bubog. Namamasyal ang mga tao sa mga kalsadang lantay na ginto, sa maganda at malinaw na ilog. Sa magkabila ng ilog ay naroon ang punong kahoy ng buhay na namumunga ng labindalawang iba't ibang bunga. Masaya ang bawa't isa! Walang dalamhati o ng pananambitan man o ng hirap pa man. Dios mismo ang naghanda ng Lungsod na ito para sa iyo. Ito ay higit pa sa eksenang maaring isipin. Ito ay inihayag ng Dios kay Juan ang Tagpagpahayag, at ito ay magiging totoo pagdating ng araw kung paghahandaan natin ito dito sa lupa.

1. Ano ang malaking kaganapan bago dumating ang bagong langit at ang bagong lupa? Tingnan sa Apocalipsis 20:11
2. Sumulat ng maikling paglalarawan ng bagong Jerusalem na nakita ni Juan.
3. Ipaliwanag kung ano ang kahulugan para sa iyo ng pagkawala ng pighati, sakit, pagluha, at kamatayan.
4. Sinasabi sa Apocalipsi 21:7 na “Siyang magtatagumpay ay magmamana ng lahat ng bagay”. Ano ang katangian

ng mananagumpay? Tingnan sa I Juan 5:4,5; Apocalipsi 2:26; 12:11.

5. Sino ang hindi makapapasok sa bagong Jerusalem?
6. Sino ang Liwanag sa Lungsod na ito? Paano natin maiuugnay ang ilaw na ito sa ating kapanahunan? Tingnan sa Juan 8:12; Mateo 5:14-16.
7. Ipinapaalam sa atin ng II Pedro 3:13 na sa bagong langit at bagong lupa ay Pawang kabutihan lamang ang naroroon. Subali't hindi lahat ay makapapasok doon. Nakatitiyakka ba na mayroon kang bahagi sa napakagandang lugar na iyon.

Mga manunulat:
Jinky P. Abad
Jethro V. Blanca
Darling Corazon A. Corpuz
Oslyn Krista A. Corpuz
Madhel J. Dancel
Jean Liezel B. Dollente
Jean Mariz B. Dollente
Ma. Teresa B. Dollente
Danila S. Paragas
Ella Joyce S. Paragas
Joel R. Salazar
Cristine T. Villamar

Mga tagaguhit:
Jethro V. Blanca
Darling Corazon A. Corpuz
Ma. Mercedes J. Dancel
Jean Liezel B. Dollente
Jean Mariz B. Dollente
Ardee V. Lina

Mga patnugot:
Lamberto C. Dollente
Isidro P. Fiegalan
Jaime A. Paragas
Joseph Emmanuel C. Ruiz